# Pabatid

Pebrero 17, 2022

## Bakunahan sa Diliman

Muling ipinababatid ng UP Diliman COVID-19 Task Force na patuloy pa rin ang pagbibigay ng mga booster shot para sa mga mag-aaral, guro, at lahat ng kawani (permanent, UP contractual, non-UP contractual, at agency). **Bukas din ito para sa mga taong nangangailangan ng second dose**. Ang ginagamit na bakuna para sa mga booster shot at second dose ay AstraZeneca.

Maaari ring makatanggap ng mga booster shot o second dose ang mga dependent ng UP personnel (lahat ng nakatira sa bahay ng UP personnel, pati ang mga kasambahay) at miyembro ng komunidad ng UP Diliman (empleyado ng mga establisiyemento sa kampus at mga residente ng Barangay UP Campus).

**Ito ay ginaganap ngayon hanggang Pebrero 18 at mula Pebrero 21 hanggang 25, 8 n.u. hanggang 12 n.h., sa UP Health Service (UPHS).**

Maaaring magrehistro gamit ang link na ito: https://bit.ly/3LnI5PJ. Tinatanggap din ang mga walk-in.

Sa araw ng pagpapabakuna, magdala ng government-issued ID (maaari ring student o employee ID) at bolpen. Dalhin din ang inyong vaccination card o vaccination certificate.

**Tandaan:** Ang booster shot o second dose na ito ay para lamang sa mga edad 18 pataas. Hindi ito puwede sa mga batang edad 5 hanggang 17 taong gulang.